
2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Elemento at Bahagi ng Maikling Kuwento




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino 2_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Mga Elemento at Bahagi ng Maikling Kuwento**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng modyul na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arceli V. Balmeo |
| **Editor:** | Cristina S. Chioco, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Arnold S. Galvez, Mark G. Asuncion |
| **Tagaguhit:** | Rodelito I. Facun Jr. |
| **Tagalapat:** | Karl Edrian Abendaño, Leomel B. Ledda |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Cristina S. Chioco |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _______________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:
## Mga Elemento at Bahagi ng Maikling Kuwento

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Magandang araw muli sa iyo kaibigan! Alam kong handang-handa ka na sa ating panibagong aralin.

Sa tulong at gabay ng iyong mga tagapagturo, aalamin natin ang tungkol sa pagpapahayag ng sariling ideya, damdamin at reaksiyon. Sa araling ito, inaasahang makakamit mo ang kasanayan na:

- Makapagpapahayag ng sarili mog ideya, damdamin, at reaksiyon tungkol sa napakinggan o nabasang kuwento, alamat, tugma, tula, at tekstong pang-impormasyon **(F2PS-Ig-6.1, F2PS-IIb-1).**

Handa ka na ba kaibigan? Tara! Simulan mo nang pag-aralan ang modyul 5.

# Subukin

**Panuto**: Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwento.

### Bakasyon Na

ni Arceli V. Balmeo

Maganda ang sikat ng araw. Masayang-masaya ang magkapatid na Myla at Karlo. Espesyal ang araw



na iyon para sa kanilang mag-anak dahil wala ng pasok ang mga bata. Magbabakasyon sila sa probinsiya ng kanilang magulang sa Baler, Aurora. Malapit iyon sa dagat at sariwa pa ang hangin. Nagbaon sila ng pagkain, sakaling gabihin sila sa daan. Nagluto ng adobong baboy at kanin ang kanilang nanay.

Isinakay na nila lahat ang kanilang gamit sa kanilang sasakyan. Subalit napansin ni Mang Nestor na flat ang isang gulong nito. Kaya dali-dali niyang kinuha ang reserba sa likod at pinalitan. Mayamaya pa ay natapos na ito. Masayang naglakbay ang mag-anak.

Tanghali na nang makarating sila sa probinsiya ng Baler, Aurora. Dahil malapit sila sa dagat ay kaagad nagpaalam ang kanilang mga anak na maliligo sila pagkatapos kumain. “Basta mag-iingat lang palagi at huwag gagawi sa malalim na bahagi,” paalala ni Mang Nestor. “Opo,” sagot ng dalawang bata. Inihanda na ng kanilang nanay ang pagkain at sabay-sabay silang nananghalian.

Masayang nagmamasid ang kanilang tatay at nanay habang sila ay lumalangoy sa dagat. Nang mapagod ay bumalik na sila ng bahay at muling kumain. Masayang-masaya ang magkapatid.

**Panuto**: Basahin at sagutin ang sumusunod. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

   A. Karlo at Mang Nestor, mga magulang
   B. Mang Nestor at ang ama
   C. Myla at Karlo, mga magulang
   D. Myla at Mang Nestor, mga magulang

2. Ano ang nararamdaman ng magkapatid?
   A. mahina C. masarap
   B. malungkot D. masaya

3. Paano nasolusyunan ang kanilang suliranin?
   A. Kumain ng tanghalian ang magkapatid.
   B. Naligo sa tabing dagat ang magkapatid.
   C. Pinalitan ni Mang Nestor ang flat na gulong.
   D. Umuwi sila sa bahay si Mang Nestor.

4. Ilarawan ang lugar na kanilang pinuntahan?
   A. Malapit sa dagat at sariwa ang hangin.
   B. Malapit sa ilog at sariwa ang hangin.
   C. Malalim ang dagat at sariwang isda.
   D. Mayaman sa mga pananim.

5. Anong damdamin ang namamayani sa buong kuwento?
   A. kalungkutan C. kasawian
   B. kapayapaan D. kasiyahan

# Aralin 1

# Mga Elemento at Bahagi ng Maikling Kuwento

Ang maikling kuwento ay isang anyo ng panitikan na may layuning magsalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan. Ito ay may mga element at bahaging na nakatutulong upang makapag-iwan ito ng isang mensahe o kakintalan sa isip ng mambabasa.

## *Balikan*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Ipaalala ang nakaraang aralin tungkol sa pagbibigay ng susunod na mangyayari sa kuwento.

**Gawain ng Mag-aaral**

- Sagutin ang gawain.

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na sitwasyon. Tukuyin ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Maaga pa lang ay gising na si Mang Pablo. Dala-dala niya ang pala at punlang okra. Pupunta siya sa bukid.
    - A. Baka aani siya.
    - B. Baka maliligo siya.
    - C. Baka magtatanim siya.
    - D. Baka mangingisda siya.

2. Mahusay sa pagguhit si CJ. Siya ang napiling sumali sa patimpalak. Alam ng guro mo na kaya niya itong gawin.
   A. Siguro maiinis siya.
   B. Siguro magtatago siya.
   C. Siguro hindi na lang sasali.
   D. Siguro ay ipakikita ni CJ ang galing niya sa pagguhit.

3. Araw-araw ay kumakain si Danzel ng mga gulay at prutas. Maaga rin siyang natutulog. Bilin ito ng magulang niya sa kaniya.
   A. Marahil ay para maging masaya siya.
   B. Marahil ay para lumakas at lumusog siya.
   C. Marahil ay para manghina ang katawan.
   D. Marahil ay para matulog siya maghapon.

4. Bago matulog ay gumagawa muna ng takdang aralin si Clara. Hindi rin siya mahilig sa gadgets. Kaya natutuwa ang kaniyang magulang.
   A. Tila aantukin siya sa loob ng klase.
   B. Tila magkakaroon siya ng gantimpala.
   C. Tila malulungkot ang kaniyang magulang.
   D. Tila tataas ang kaniyang mga marka sa klase.

5. Sobra ang hilig ni Jomar sa mga junk food at juice. Madalang siyang kumain ng kanin.
   A. Baka lumakas siya.
   B. Baka lumusog siya.
   C. Baka mabusog siya.
   D. Baka magkasakit siya.

# Tuklasin

Tulad nang nabanggit na, ang maikling kuwento ay isang anyo ng panitikan na may layuning magsalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan. Ito ay may mga elemento at bahagi na nakatutulong upang makapag-iwan ito ng isang mensahe o kakintalan sa isip ng mambabasa.

Narito ang mga elemento ng maikling kuwento.


1. **Tauhan**- Ito ay tumutukoy sa nagsisiganap sa maikling kuwento.
2. **Tagpuan**- Ito ay tumutukoy kung anong panahon/oras, at saan naganap ang maikling kuwento.
3. **Banghay**-Ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa maikling kuwento.
4. **Kaisipan**- Ito ang mensahe o ang kakintalang maiiwan sa isip ng mambabasa.
5. **Wakas**- Ito ay tumutukoy kung paano nagwakas o natapos ang maikling kuwento.

Narito naman ang ilang bahagi ang maikling kuwento:

1. **Panimula** - Dito kadalasang pinapakilala na ang mga tauhan ng maikling kuwento.
2. **Kasukdulan** – Dito na makakamtan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kabiguan ng kaniyang ipinaglalaban o suliranin.

3. **Kakalasan** – Dito na mabibigyan ng solusyon, mabuti man o masama ang suliranin ng pangunahing tauhan.
4. **Wakas-** Ito ang resolusyon o ang kahihinatnan ng maikling kuwento.

**I. Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na maikling kuwento.



## Magandang Balita

ni Arceli V. Balmeo

Sa Bayan ng San Fernando, Pampanga sa Rehiyon III nagsimula ang paggawa ng malahiganteng parol.

Linggo ng umaga. Malamig ang panahon sa pagawaan ng parol ni Mang Pedring habang kinakausap niya ang ilang tauhan dito.

"Magandang umaga sa inyo. Malapit na bang matapos ang order na mga parol ni Gng. Dela Cruz?" tanong ni Mang Pedring. "Mayayari po bago matapos ang buwang ito," wika ni Tomas. Mainam naman po at maraming umoorder sa atin ngayon lalo na at papalapit ang Pasko. Malaking tulong na rin po ito sa pamilya namin", lahad naman ni Pinang." Iyon ay dahil sa sipag at tiyaga n'yo. Wala rin kayong sinasayang na oras." papuring wika ni Mang Pedring. Umasa po kayo na lalo pa naming pagbubutihin ang aming ginagawa," sagot naman ni Tomas.

"Huwag na po sanang mauulit ang nangyari noong isang taon. Nalugi ang pagawaan at naapektuhan ang

lahat ng mangagawa dahil sa bagyo," dugtong naman ni Crispin. "Nakalulungkot man pong isipin ay marami talaga ang napinsalang ari-arian," dagdag pa ni Pinang.

"Huwag kayong mag-alala. Babawi tayo ngayon upang ang lahat ay maging masaya sa Pasko. Siya nga pala, may maganda akong balita. Nakausap ko ang pamahalaang lokal na kung sakaling mangyari uli ang ganoong sakuna ay magbibigay na sila ng suporta sa pagawaan at sa bawat pamilyang apektado," masayang pagbabalita ni Mang Pedring. "Naku! maraming salamat po sa magandang balita," sabay-sabay na sagot ng mga manggagawa. "Kami po ay babalik nasa trabaho. Maraming salamat po uli sa magandang balita," sabi muli ni Crispin.

"Maraming salamat po Panginoon at dininig mo ang aming kahilingan," naisaloob ni Mang Pedring habang papalabas ng pagawaan.

II. Panuto: Basahin at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Paano nagsimula ang kanilang suliranin?
3. Ano ang katangian ng mga manggagawa ni Mang Pedring?
4. Ano ang naramdaman nila ng manalanta ang bagyo?
5. Ilarawan ang naging damdamin ng mga tauhan sa wakas ng kuwento?

# Suriin

**Panuto**: Basahin at unawain ang maikling kuwento. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

## Matibay Nga!

ni Arceli V. Balmeo



Kagagaling lang ng magkaibigang Laarni at Nancy sa palengke ng mapagkuwentuhan nila ang biniling tsinelas ni Laarni.

"Mainit na talaga ang panahon ngayon," wika ni Laarni. "Oo sobra," sagot ni Nancy. "Alam mo, sabi ng tindera matibay raw ang tsinelas na nabili ko sa kaniya dahil gawa sa Gapan. Mahusay ang pagkakagawa kaya matagal kong gagamitin," pagkukuwento ni Laarni "Tama ang sinabi n'ya," sagot ni Nancy. "Hindi tulad ng huli kong binili, ang bilis nasira. Natapilok lang ako sa malaking bato e nalagot na agad ang dahon." inis na sagot ni Laarni "Itong tsinelas na suot ko ngayon ay sa Gapan ko rin nabili. Mayo pa ng mabili ko ito. Tingnan mo apat na buwan na ang nakalipas ay buo pa rin." nakangiting lahad ni Nancy.

"Ang mga tsinelas nila ay gawa sa matitibay na goma at orihinal ang pandikit. Hindi rin basta basta ang mga disenyo nila. Tatak pinoy talaga. Kaya sila naman ang tinaguriang Tsinelas Capital ng Pilipinas," dagdag pa nito. "Sige sasabihin ko rin sa ibang kaibigan ko na yaring Gapan ang bilhin nilang tsinelas matibay na maganda pa."

Sabay na naglakad ang dalawa papalayo sa kanilang kinatatayuan.

Mga Tanong:

1. Anong katangian ang ipinakita ng tindera?
2. Ano ang naging suliranin ng pangunahing tauhan?
3. Paano ipinahayag nina Laarni at Nancy ang kanilang damdamin?
4. Ilarawan ang panahon sa kuwento?
5. Paano nagwakas ang kuwento?

*Mga Tala para sa Tagapagdaloy*

Ipaliwanag nang mabuti ang nasa bahaging **Suriin**. Magbigay ng iba pang halimbawa. Pagbigayin rin ng halimbawa ang mag-aaral. Pagkatapos, ipagawa ang kasunod na mga pagsasanay o gawain

## Pagyamanin

### Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Basahin at sagutin ang sumusunod na mga tanong. na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.



### Si Ninay

ni Arceli V. Balmeo

Sa malawak na bakuran ginanap ang ikapitong kaarawan ni Rodel. Inimbitahan niya ang kaibigang si Ninay. Napakaraming inihandang pagkain ng magulang ni Rodel. Hindi mapigilan ni Ninay ang pagkuha ng iba't ibang pagkain. Kaya naman, nakalimutan niyang maghugas ng mga kamay.

Sobrang sarap at paborito ni Ninay ang mga kinuha niyang pagkain. Punong-puno ang kaniyang plato. Kasama niyang kumakain ang kaniyang mga kaibigan.

Naubos na niya ang pagkain sa plato. Kumuha pa siya ng isang **barbecue**, dalawang **hotdog**, isang

platong **spaghetti**, isang hiwa ng **cake**, at isang basong **juice**.

Napatingin na lamang si Aling Grace, ang nanay ni Rodel kay Ninay. Mayamaya ay nasamid si Ninay. Natakot ni Aling Grace. Agad -agad itong kumuha ng isang basong tubig at ibinigay kay Ninay.

Nakatapos ng kumain ang lahat.  Humingi pa ng gelatin at ice cream si Ninay.

Uwian na. Nabusog ang lahat. Nakakailang hakbang pa lamang palabas ng bahay nina Rodel, ay biglang sumakit ang tiyan ni Ninay. Subalit hindi siya nagpahalata. Dahan-dahan siya sa kaniyang paglalakad hanggang sa makauwi ng kanilang bahay. Hindi niya maintindihan ang sakit na kaniyang nararamdaman. Hinihilot na n'ya ang kaniyang tiyan subalit ayaw pa ring tumigil ang pagsakit.

1. Ilarawan si Ninay.
   A. maingay
   B. malakas kumain
   C. masayahin
   D. matapat

2. Ano ang naging suliranin ng pangunahing tauhan sa kuwento?
   A. sumakit ang katawan
   B. sumakit ang paa
   C. sumakit ang tiyan
   D. sumakit ang ulo

3. Saan naganap ang kuwento?
   A. sa malawak na bakuran
   B. sa malawak na bukirin
   C. sa malawak na daan
   D. sa malawak na gym

4. Ano ang naramdaman ni aling Grace ng masamid si Ninay?
   A. nagalit
   B. nalungkot
   C. natakot
   D. natuwa

5. Ano ang naging wakas ng kuwento?
   A. Guminhawa ang pakiramdamdam ni Ninay.
   B. Kumain pa ulit si Ninay pagdating sa kanilang bahay.
   C. Nakatulog sa sakit ng tiyan si Ninay.
   D. Sumasakit pa rin ang tiyan ni Ninay.

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto**: Basahin at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

### Ang Mangagawa

ni Arceli V. Balmeo

Pitumpung taon na si Mang Rolly. Gusto na n'yang huminto sa pagtatrabaho. Sa tagal niyang gumagawa ng bangka ay halos nagawaan na niya ng maliliit at malalaking bangka ang kaniyang mga kabarangay. Kaya naman kinausap na n'ya ang may-ari ng pagawaan. Nalungkot ang may-ari sapagkat, isa siya sa pinakamahusay niyang manggagawa. Ngunit pinayagan naman siya nito. Hindi na rin kasi kayang bumuhat ng mabibigat ni Mang Rolly. Pero bago siya tuluyang umalis



ay sinabi ng may-ari na sa huling pagkakataon ay gumawa siya ng isa pang bangka.

Agad namang sumunod si Mang Rolly. Dahil nga sa nanghihina na siya at pagod na ang katawan kaya hindi naging maayos ang kaniyang ginawa. Nang matapos ay pinuntahan agad ito ng may-ari. Maayos naman ang pagkakagawa ng bangka. Mayamaya ay iniabot ng may-ari ang isang sagwan. "May bago ka nang pagkakakitaan. Ibinibigay ko sa iyo ito." Laking gulat ni Mang Rolly nang marinig iyon.

Naibulong na lang ni Mang Rolly sa kaniyang sarili na kung pinagbutihan ko sana ang paggawa siguradong matibay ito.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   A. Mang Randy
   B. Mang Rolly
   C. Mang Ronnie
   D. Mang Rowell

2. Paano nagsimula ang kuwento?
   A. Si Mang Ronnie ay binigyan ng sagwan.
   B. Si Mang Ronnie ay gagawa pa ng bangka.
   C. Si Mang Ronnie ay hihinto na sa trabaho.
   D. Si Mang Ronnie ay pupunta ng Maynila.


3. Ano ang naging solusyon sa suliranin sa kuwento?
   A. Binigyan siya ng may-ari ng bagong bahay.
   B. Binigyan siya ng may-ari ng bagong bangka.
   C. Binigyan siya ng may-ari ng bagong bisikleta
   D. Binigyan siya ng may-ari ng bagong motor.

4. Ano ang namayaning damdamin sa kabuuan ng kuwento?
   A. lungkot, tuwa, at pagkagulat
   B. lungkot, tuwa, at pagkatakot
   C. lungkot, tuwa, at pagkapoot
   D. lungkot, tuwa, at panghihinayang

5. Anong damdamin ang namayani sa wakas ng kuwento?
   A. galit
   B. inis
   C. lungkot
   D. saya

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang piayos ang mga pangyayari ayon sa kuwento sa pamamagitan ng paglalagay ng pang-uring una, ikalawa, ikatlo, o ikaapat. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Salo-salo

_________1. Pagkakain ay naisipan nilang mamasyal sa plasa.

_________2. Dahil dumidilim na ang kalangitan kaya naisipan na nilang umuwi.

_________3. Unang linggo na walang pasok ay masayang nagkita-kita ang magkakaibigang Michael, Eunice, Maribel, at Cris.

_________4. May kani-kaniya silang dalang pagkain tulad ng mangga, pastillas, turon, at buko juice.

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Basahin at iayos ang mga pangyayari ayon sa kuwento sa pamamagitan ng paglalagay ng pang-uring una, ikalawa, ikatlo, o ikaapat. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

## Ang Pagtulong




_________ 1. Ganito ngayon ang ginagawang pagbibigay ng pagkain upang maiwasan ang mahawa sa sakit na COVID-19.

_________ 2. Sa huli ay masaya ang lahat sa nangyari.

_________ 3. Araw ng Lunes. Ito ang araw na magpapamahagi ng pagkain sina mayor sa aming barangay.

_________ 4. Maglalabas ng upuan at doon ilalagay ang pagkaing bigas, manok, at mga gulay.

## Malayang Pagsasanay

**Panuto**: Isulat kung ang pangyayari ay sa una, ikalawa o ikatlo sa iyong sagutang papel.

### Matapat na Pulis

ni Arceli V. Balmeo



_________1. Nang sumunod na araw, ay ipinatawag siya ng kanilang mayor at pinasalamatan dahil sa kaniyang katapatan. Lingid sa kaniyang kaalaman

ay nagbigay ng pabuya ang taong natulungan niya. Masayang ibinalita niya ito sa kaniyang asawa.

_________ 2. "Naku! Sigurado ako na nag-aalala na ang may ari nito," bulong niya sa sarili. Agad niyang idinala sa istasyon ng radyo para manawagan sa kung sino ang nagmamay-ari nito.

_________ 3. Maagang pumapasok si SPO3 Tina Rosales sa munisipyo. Madalas ay nakapupulot siya ng ilang maliit na bagay na naibabalik rin naman agad sa may-ari. Nang umagang iyon, sa kaniyang paglalakad ay nakapulot siya ng isang maliit na bag na may lamang pera at mga papeles.

## Malayang Pagtatasa

**Panuto**: Basahin at pagsunod-sunorin ang mga pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay ng pang-uring pamilang. Isulat kung una, ikalawa at ikatlo sa sagutang papel.

### Ang Batang Matulungin

ni Arceli V. Balmeo

_______1. Inalalayan niya ito hanggang sa pareho na silang makatawid. "Maraming salamat sa iyo, nawa'y marami pang bata ang maging katulad mo," nakangiting wika ng matanda.




_______ 2. Sumunod na hapon, sa kaniyang pag-uwi ay may nakasabay siyang matandang

babae na nakatungkod. Tila tatawid ito sa kabilang kanto. Pakiwari niya ay hirap na hirap ito sa paglakad. Kaya naman agad niya itong nilapitan at tinulungan. “Lola saan ka po pupunta?” tanong ni Mary Ann. “Sa kabilang kanto lang ineng,” sagot ng matanda. “Sige po at isasabay ko na kayo.  Doon din po ang daan ko”.

________ 3. Matulunging bata si Mary Ann. Pagkagaling sa paaralan ay agad siyang nagpapalit ng uniporme. Inilalagay naman niya ito sa basket ng maruruming damit nila. Mayamaya ay tutulungan na niyang magluto ang kaniyang nanay. Tumutulong din siyang magwalis at maghugas ng pinggan. Sa umaga bago siya pumasok ay dinidiligan pa niya ang kanilang mga halaman.

## *Isaisip*

**Panuto**: Punan ng tamang sagot ang mga patlang. Piliin sa loob ng kahon ang sagot at isulat sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Banghay | Kaisipan | Tagpuan | Tauhan | Wakas |

________ 1) Ito ay tumutukoy sa nagsisiganap sa kuwento.

________ 2) Ito ay tumutukoy kung saan naganap ang kuwento.

________ 3) Ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ng kuwento.

________ 4) Ito ang mensaheng naiiwan sa isipan ng mambabasa.

________ 5) Ito ay tumutukoy kung paano nagwakas o natapos ang maikling kuwento.

## Isagawa

**Panuto**: Isulat kung ang pangyayari sa kuwento ay una, ikalawa, o ikatlong pangyayari. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Super Nanay

ni Arceli V. Balmeo

_______1. At sa huli, kapag okay na ang lahat ay ihahatid na niya kami sa paaralan. Pagkatapos ay pupunta na siya ng palengke para mamili ng aming pananghalian. ‘Yan ang super nanay ko.

_______2. Pagkatapos, habang gumagayak kami sa pagpasok, nililigpit na niya ang aming pinagkainan at ilalagay na niya ang mga ito sa lababo para hugasan

_______3. Pagmulat pa lang ng aking mga mata ay si Nanay na agad ang aking nakikita. Sa kusina, siya ang reyna. Laging handa na ang aming almusal bago pumasok sa eskuwela.



# Tayahin

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na maikling kuwento. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

## Ang Mag-anak na Langgam

ni Arceli V. Balmeo

Tag-ulan na naman. Ang mag-anak na langgam ay abala sa paghahakot ng pagkain at hinahakot nila ito papunta sa kanilang lungga.

"Huwag kayong mag-iiba ng daan patungo sa ating lungga, dahil sa may gawing kaliwa ay may kanal," sabi ni Amang Langgam.

"Hindi po kami lalayo," sabi ni Munting Langgam.

Abala sa paghahakot ng pagkain ang bawat isa, kaya hindi nila napansing ang Bunsong Langgam ay unti-unting humiwalay sa pila.

"Nakapapagod naman ang paghahakot ng pagkain. Hindi pa naman umuulan ay naghahanda na kami," sabi sa sarili ng Bunsong Langgam. "Buti pa'y maghanap ako ng mas masarap na pagkain."

Mayamaya ay nakakita siya ng isang kendi na malapit na malapit sa kanal na ipinagbabawal na puntahan ng kaniyang ama. "Siguro naman ay hindi ako mahuhulog sa kanal kung dahan-dahan kong kukunin ang kendi."

Sa kasabikan niyang makuha ang kendi ay hindi niya napansin ang sinulid kaya sumabit ang kaniyang paa. Nawalan siya ng panimbang at nahulog sa kanal.

Hindi mapakali ang Amang Langgam nang hindi niya makita ang kaniyang Bunsong anak sa pila. Dali-dali siyang umalis upang ito'y hanapin, hanggang sa siya'y mapadako sa kanal. Pagtingin niya sa ibaba ay nakita niyang nakalutang sa tubig ang kaniyang bunsong anak.

Sa takot na matangay ng agos ang anak ay agad-agad niya itong tinulungan. Pagkatapos ay niyakap ng manigpit si Bunsong Langgam sabay bulong na, "anak palagi kang mag-iingat para hindi ka mapahamak".

I. Panuto: Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   A. Ang mag-anak na langgam.
   B. Si Amang Langgam.
   C. Si Bunsong Langgam.
   D. Si Munting Langgam.

2. Anong panahon naganap ang kuwento?
   A. Tag-araw
   B. Taglamig
   C. Tagtuyot
   D. Tag-ulan

3. Ano ang unang pangyayari sa kuwento?
   A. Ang mag-anak na langgam ay abala sa paghahakot ng pagkain at hinahakot nila ito papunta sa kanilang lungga.
   B. Hindi nila napansing ang Bunsong Langgam ay unti-unting humiwalay sa pila.
   C. Nakakita siya ng isang kendi na malapit na malapit sa kanal.
   D. Nawalan siya ng panimbang at tuloy-tuloy na nahulog sa kanal.

4. Aling bahagi ng kuwento ang nagpapakita ng kasukdulan?
   A. Ang Bunsong Langgam ay unti-unting humiwalay sa pila.
   B. Bulong ni Amang Langgam na, "palaging mag-ingat para hindi mapahamak"
   C. Iniligtas pa rin ng Amang Langgam si Bunsong langgam.
   D. Nawalan siya ng panimbang at tuloy-tuloy na nahulog sa kanal.

5. Anong bahagi ng kuwento ang nagpapakita ng wakas?
   A. Ang Bunsong Langgam ay unti-unting humiwalay sa pila.
   B. Bulong ni Amang Langgam na "palaging mag-ingat para hindi mapahamak"
   C. Iniligtas pa rin ng Amang Langgam si Bunsong langgam.
   D. Nawalan siya ng panimbang at tuloy-tuloy na nahulog sa kanal.

**II. Panuto**: Basahing muli ang kuwento. Pagkatapos, Ilagay ang letrang **B**, **C, D, E, F,** at **G** batay sa tamang pangkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Nilagyan ko na ng letra ang una at huling pangyayari. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

____ 1. Ang Bunsong Langgam ay unti-unting humiwalay sa pila.

____ 2. Dali-dali siyang umalis upang ito'y hanapin, hanggang sa siya'y mapadako sa kanal.

____ 3. Pagtingin niya sa ibaba ay nakita niyang nakalutang sa tubig ang kaniyang bunsong anak.

____ 4. Nawalan ng panimbang ang Bunsong Langgam kaya tuloy-tuloy itong nahulog sa kanal.

__H__ 5. Gayunpaman, ay iniligtas pa rin ng Amang Langgam ang kaniyang anak na si Bunsong Langgam.

__A__ 6. Ang mag-anak na langgam ay abala sa paghahakot ng pagkain at hinahakot nila ito papunta sa kanilang lungga.

____ 7. Bulong ni Amang Langgam na, "palaging mag-ingat para hindi mapahamak"

____ 8. Mayamaya ay nakakita siya ng isang kendi na malapit na malapit sa kanal na ipinagbabawal na puntahan ng kaniyang ama.

## *Karagdagang Gawain*

Bumasa ng isang alamat. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na tanong sa sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Ano ang unang nangyari sa kuwento?
3. Ano ang naging problema sa kuwento?
4. Saan naganap ang kuwento?
5. Ilarawan ang damdamin ng tauhan sa kuwento?

# Susi sa Pagwawasto

<table>
<tr>
<td colspan="2">Malayang Pagsasanay<br>1. ikatlo<br>2. ikalawa<br>3. una<br><br>Malayang Pagtatasa<br>1. ikatlo<br>2. ikalawa<br>3. una</td>
<td colspan="2">Pagyamanin<br>Pinatnubayang Pagsasanay 1<br>1. B<br>2. C<br>3. A<br>4. C<br>5. D<br>Pinatnubayang Pagsasanay 2<br>1. B<br>2. C<br>1. B<br>1. D<br>3. C<br>Pinatnubayang Pagtatasa 1<br>1. ikatlo<br>2. ikaapat<br>3. una<br>4. ikalawa<br>Pinatnubayang Pagtatasa 2<br>1. ikatlo<br>2. ikaapat<br>3. una<br>4. ikalawa</td>
</tr>
<tr>
<td>Suriin<br><br>1. katapatan<br>2. tungkol sa nasirang tsinelas<br>3. masaya<br>4. mainit<br>5. naiinis</td>
<td>Tuklasin<br><br>1. Mang Pedring<br>2. Nang magkaroon ng bagyo<br>3. masipag at matiyaga malungkot<br>4. masaya</td>
<td>Balikan<br><br>1. C<br>2. D<br>3. B<br>4. D<br>5. D</td>
<td>Subukin<br><br>1. D<br>2. D<br>3. C<br>4. A<br>5. D</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| **Tayahin**<br>I.<br>1. B<br>2. D<br>3. A<br>4. D<br>5. C<br>II.<br>1. B<br>2. E<br>3. F<br>4. D<br>5. H<br>6. A<br>7. G<br>8. C | **Isaisip**<br>1. Tauhan<br>2. Tagpuan<br>3. Banghay<br>4. Kaisipan<br>5. Wakas<br>**Isagawa**<br>1. Ikatlo<br>2. Ikalawa<br>3. Una |

# *Sanggunian*

"Alamat Ng Makahiya English & Filipino Version". 2018. Blog. Mga Kuwentong Pilipino Para Sa Buong Mundo. Date accessed June 21, 2020. http://kuwentongpilipino.blogspot.com/2018/02/alamat-ng-makahiya-english-filipino.html.

Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Garcia, Nilda, et.al. 2013. Ang Bagong Batang Pinoy 2. 1st ed. Pasig City: DepEd-IMCS.

Lalunio, Lydia. 2020. Bagong Filipino Tungo Sa Globalisasyon 2. Vibal Publishing.

Raflores, Ester. n.d. Binhi: Wika at Pagbasa. Jo-es Publishing House Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph